

# KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO



## MANATILING LIGTAS SA KALSADA

Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ang mas malalamig na buwan ng mga bago at magkakaugnay na hamon sa ating estado, tulad ng mga pagbaha, malalakas na hangin, at malalim na niyebe, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.

Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na **IYONG** magagawa ngayon para panatilihin ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay habang nasa kalsada.



### MANATILING MAY ALAM BAGO ANG ISANG BAGYO

- Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya sa [ListosCalifornia.org/Alerts](https://ListosCalifornia.org/Alerts).
- Manatiling nakatuon sa lokal na radyo, TV, at opisyal na social media para sa mga update sa panahon.
- Tingnan ang Caltrans QuickMap sa [QuickMap.dot.ca.gov](https://QuickMap.dot.ca.gov), ang Caltrans Mobile QuickMap app o tumawag sa 1-800-427-ROAD para sa pinakabagong impormasyon sa kalsada.



### IHANDA ANG IYONG SASAKYAN PARA SA ISANG BAGYO

- Kung sakaling ikaw ay ma-stranded, maglagay ng “pang-emerhensiyang kit sa kotse” sa sasakyan mo na kinabibilangan ng:
  - Mga jumper cable
  - Mga kumot, tuwalya, at karagdagang damit
  - Mga pailaw o reflective triangle
  - Tubig at mga meryenda
  - Pangkayod ng yelo
  - Flashlight na may mga karagdagang baterya
  - Charger ng telepono sa kotse
  - Litter ng pusa o buhangin upang makatulong sa paghila kung malilibing ang iyong sasakyan
- Panatilihin naka-charge ang baterya ng iyong kotse at puno ang iyong tangke ng gas hangga't maaari kung sakaling may mga paglikas, hindi inaasahang saradong kalsada, o pagkawala ng kuryente. Maaari ding mapigilan ng punong tangke ng gas ang pagyeyelo ng linya ng gas.
- Suriin ang presyon ng hangin sa iyong mga gulong at tiyaking may sapat na kapit sa lupa ang iyong mga gulong. Magdagdag ng anumang kadena o stud na kinakailangan sa iyong lugar.
- Ipasuri sa mekaniko ang iyong baterya, langis, heater at defroster, antifreeze, wiper fluid, wiper blades, ilaw, preno, at exhaust system.



### LIGTAS NA MAGMANEHO SA BAGYO

- Panatilihin bukas ang iyong mga headlight. Ginagawa nitong mas ligtas ang pagmamaneho para sa lahat sa kalsada.
- Panatilihin ang radyo ng iyong sasakyan sa isang lokal o pangrehiyong istasyon ng balita, at bantayan ang mga alerto sa smartphone tungkol sa mga pagsasara ng kalsada at mga panganib sa kalsada.
- Bumagal at maglaan ng karagdagang oras upang makarating sa iyong patutunguhan. Mas pinapatagal ng niyebe at yelo ang paghinto, kaya mag-iwan ng mas malayong distansya sa pagitan ng iyong sasakyan at ng sasakyan sa unahan.





# MANATILING LIGTAS SA KALSADA



## LIGTAS NA MAGMANEHO SA BAGYO

- Kung magiging mahirap ang pagkontrol sa iyong sasakyan, ligtas na huminto, i-on ang mga pang-emerhensiyang hazard light, ihinto ang sasakyan, at gamitin ang brake sa pagparada.
- Maglaan ng dagdag na oras upang makarating sa iyong patutunguhan dahil sa mga basa o nagyeyelong kalsada, pagbaha, at posibleng pagbugso ng hanging nagdudulot ng mga natumbang sanga ng puno at pagkawala ng kuryente.
- Kung babagsak sa iyong kotse ang isang linya ng kuryente, nanganganib kang makuryente. Manatili sa loob hanggang sa matanggal ng mga sinanay na tauhan ang kawad.
- Kung nagmamaneho ka habang may inilabas na babala sa pagbaha o nangyayari na ang pagbaha, lumipat kaagad sa mas mataas na lugar, at iwasang huminto malapit sa mga batis, ilog, o sapa.
- Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng anumang uri ng safety barrier o sa mga binahang lugar.
- Ang kasing babaw lang ng 6 na pulgada ng tubig ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kontrol ng sasakyan. Ang kahit 12 pulgada ng tubig lang ay kayang tangayin ang karamihan ng sasakyan at ang 2 talampakan ng rumaragasang tubig ay kayang umanod ng anumang sasakyan—mga kotse, SUV, at trak. Huwag magmamaneho sa baha. Halos kalahati ng lahat ng pagkamatay sa baha ay nangyayari sa mga sasakyan. Mas ligtas na umikot pabalik at humanap ng ibang ruta.
- Kung lalabas ka sa iyong sasakyan sa panahon ng pagbaha, posibleng matangay ka habang sinusubukan mong tumayo sa kasing babaw ng 6 na pulgada ng tubig.



## LIGTAS NA MAGMANEHO SA PANAHOON NG PAGLIKAS

- Huwag magmaneho nang mabilis sa mga lugar ng paglikas. Sundin ang mga nakapaskil na limitasyon sa bilis.
- Manatiling alerto. Maaaring limitado ang kakayahang makita ang kalsada. Asahan ang hindi inaasahan.
- Bigyang-pansin ang mga manggagawa sa emerhensiya at iba pang sasakyan. Buksan ang mga headlight upang makita ka ng mga manggagawa at iba pang driver.
- Mag-iwan ng malaking espasyo sa pagitan mo at ng sasakyan sa iyong harapan.
- Bigyan ng espasyo ang mga crew sa emerhensiya upang makapagtrabaho. Manatili sa layong hindi bababa sa 4 na sasakyan ang pagitan mula sa mga sasakyang pang-emerhensiya at iba pang kagamitan.



## LIGTAS NA MAGMANEHO SA YELO O SA PANAHOON NG MALALIM NA NIYEBE

- Sa mga mas malamig na buwan, maaaring makatagpo ka ng mga chain control sa paghila sa mga highway at kalsada sa bundok. Maglagay ng set ng mga kadena sa iyong sasakyan kung sa tingin mo ay maaaring magmaneho ka kapag kinakailangan ang mga ito.
- Kapag nakalagay na ang mga chain control, ipapaalam sa iyo ng mga karatula sa tabi ng daan kung sino ang nangangailangan ng mga ito.
- Maghintay hanggang sa ganap kang makaalis sa kalsada at makapunta sa kanan bago magkabit ng mga kadena. Huwag titigil sa isang linya ng trapiko kung saan iyong mailalagay sa panganib ang iyong sarili at ang iba. Huminto lang para alisin ang mga kadena pagkatapos mong ligtas na makaalis sa mga lugar ng control.



## MANATILING LIGTAS PAGKATAPOS NG MGA BAGYO

- Patuloy na subaybayan ang mga opisyal na channel para sa impormasyon tungkol sa mga saradong daan at mga kondisyon sa pagmamaneho.
- Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng mga barikada. Ginagamit ng mga lokal na tagatugon ang mga ito upang ligtas na idirekta ang trapiko palayo sa mga kalsadang maaaring nahaharangan dahil sa mga natumbang linya ng kuryente o mga punong nakaharang o nakasara dahil sa gumuhong semento o mga piraso ng anumang materyales.
- Muling mag-imbak ng iyong pang-emerhensiyang kit sa sasakyan kung kinakailangan.

